AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 56**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 56** |
|---|
| Theme: Mga Kwento Mula Sa Ating Pagkabata, Tila Na Iba? - "Ano Nga Ba Ang Nasa Dulo ng Rainbow?" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANO NGA BA ANG NASA DULO NG RAINBOW?**

**WRITING PROMPT LESSON 56**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, narinig mo na ba ang mga kwento tungkol sa bagay na dulo ng rainbow? Sa araw na ito, ating aalamin kung ano nga ba ang nasa dulo ng rainbow! Handa ka na ba?

**II.Writing Prompt of the Day**

Matapos ang maulang umaga, napansin mo ang isang napaka-gandang rainbow sa kalangitan, sinubukan mong sundan ng iyong paningin ngunit tila walang hanggan ito. Naisip mo, "Ano kaya ang nasa dulo ng rainbow?"

Kaya nagtanong-tanong ka sa iyong pamilya. Sabi ni Tatay, sa dulo ng rainbow ay may isang malaking higanteng umiiyak dahil siya'y mag-isa. Ang kanyang luha ay nagiging ulan daw dito sa lupa. Sabi ni Lola, meron daw malaking banga ng ginto sa

dulo ng rainbow, at si kuya naman, tirahan daw ng mga kabayong lumilipad at may pakpak ang  isla sa dulo ng rainbow.

Hindi ka pa rin sigurado dito, kaya't pagdating ng gabi'y nagwish ka sa iyong dasal. "Sana makita ko ang dulo ng rainbow sa aking panaginip!" Matapos mong magdasal ay natulog ka na.

Pagkagising mo, namulat ka sa tuktok ng isang mataas na slide. Pagkatingin mo, ang slide na ito ay iba't-ibang kulay. Ito ay ang rainbow! Ikaw ay umupo at nagslide pababa ng rainbow hanggang sa maabot mo ang dulo ng rainbow... dugtugan ang iyong adventure sa dulo ng rainbow!

•Anong naramdaman mo nang makita mo na ang dulo ng rainbow?
•Ano ang totoong nasa dulo ng rainbow?
•Ano ang itsura ng mundo sa dulo ng rainbow?
•Ang pangyayaring ito ba ay iyong panaginip o isang magic na biglang nangyari?

**III.Teacher's Message**
Ano nga ba talaga ang nasa dulo ng rainbow?  Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong paglalakbay  pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."